

Alam ba ninyo ang “JINZAI BANK”?

Ito ay isang ahensiya para sa mga tao na may kanya-kanyang kakayahan o talino.

Kooperasyon at pakikipagkapwa-tao

Ang pera ay mahalaga,subali’t may mga taong aktibo sa boluntaryong gawain at pakikipagkapwa-tao at ang “Jinsai Bank” ay isang pansamantalang employment agency para sa mas kaaya-ayang pamumuhay. Tayo nang magparehistro!

486 kaso sa 2004! Ito ang bilang ng pagbibigay payo sa mga dayuhang residente ng

Ito ay iba pang halimbawa ng istorya ukol sa“Jinzai bank”sa isyung ito .

Sa FICEC na siyang tumatayong advisory center para sa mga dayuhan sa 2 syudad at 2 bayan sa area na ito, ay umabot sa 486 ang mga humingi ng payo at tulong noong nakaraang taon. Maaring hindi lahat ay nagkaroon ng inaasahang solusyon subali’t ginawa ng mga staff, Hapon at dayuhan ang lahat ng kanilang makakaya. Ito ay isang taos pusong pakikipagkapwa-tao.

Inaanyayahan ang mga nais maging volunteers!

Fujimishi Civic Jinzai Bank

Marami ang mga taong gustong malaman ang tungkol sa inyong bansa at wika. At ang “Fujimishi civic Jinzai Bank”ay magpapakilala sa inyo sa mga volunteers. Kung iipapa-rehistro ninyo ang inyong pangalan at kakayahan o talino, maari kayong tawagan para hingin ang inyong tulong. Boluntaryo at walang bayad ang karamihang gawain subali’t kung sa pagtuturo ng wika , maaring pag-usapan ang pagsingil ng bayad.

● Tumawag sa : Jinzai Bank staff ng Fujimishi Board of Education Tel.251-2711

★Kamifukuokashi: Machizukuri Jinzai Registration system ⇔●Tumawag sa: Kikakuchoseishitsu 261-2611

★ Oimachi Lifelong Education Advisor ⇔●Tumawag: Lifelong learning section 261-2811

★ Miyoshimachi volunteer operation center registration circle Jinzai ⇔●Tumawag: Lifelong learning section 258-0019

★Maari kayong tulungan ng FICEC sa pagparehistro sa Jinzai Bank. Tumawag lamang. It’s free of charge ● Inquiry: 275-0370

Pagsasalo-salo - HANARO

Halina at sumali sa barbecue party ! ! !

Panahon na ng tag-init kaya halina at tayo nang magkasayahan sa ilalim ng mga puno.

Ebento para sa tag-init ng HANARO KAI ay narito na ! "Barbecue party sa labas",kasama ang inyong pamilya.

- Kailan: July 27 (Wed.), magtitipon ng 11:00 a.m.
- Lugar: Oimachi Outdoor recreation square
- Kabayaran: ¥1000 para sa matanda, ¥300 sa bata
- Tumawag sa: FICEC

Phone: 275-0370

Medikal na asosyason sa Higashi Iruma Emergency Pediatric Clinic para sa bata

Iilan lang ang pediatric hospitals (para sa bata) na pang emergency. May bagong bukas simula ngayong Abril. Bukas mula 20:00 - 22:00, Lunes hanggang Sabado

- Saan: Kamifukuoakashi Komabayashi 353
- Telepono: 264-9592

Bukas na emergency clinic kahit na holidays

★ Higashi Iruma Medical Association Emergency Clinic ay bukas sa mga araw na pista opisyal
353 Komabayashi, Kamifukuokashi Tel 264-9592

★ Higashi Iruma Medical Association Second Emergency Clinic ay bukas din kahit holidays
3351 Tsuruma Fujimishi Tel 252-4050

- October 1, 2005 ay "National Census Day".

Ang National Census ay isinasagawa tuwing ikalimang taon para malaman ang bilang ng populasyon sa loob ng bansa. Kasama sa survey na ito ang lahat ng residente pati mga banyaga. Lagdaan lamang ang pormang ibinibigay.

Tandaan- August 28!!

Sumali tayo sa pagsasanay sa paghahanda sa kalamidad.

Magkakaroon ng drill o pagsasanay sa Iruma-Tobu Region. Kung magkaroon man ng disastro o kalamidad at kayo'y handa ay maari kayong maligtas. Kaya sumama na sa pagsasanay kasama ang inyong pamilya! May mga pagsasanay kagaya ng paglilindol habang nasa sasakyan, pagtatakas habang napapalibutan ng usok, at iba pa.

- Kailan :Aug.28(Linggo) 9:00am~mga 12:00pm
- Saan: Fujimishi municipal Mizutani junior high school
- Mga programa: pagsasanay sa kunwari ay lumilindol habang nasa loob ng sasakyan, pagtakas habang napapalibutan ng usok, pagbibigay ng alpha rice, pang stock na pagkain, pagsasanay sa sunog at paggamit ng fire-extinguisher o pagpapasa ng mga balde ng tubig, pagbigay ng first aid at triangular bandage
- Malakihang pagsasanay: Pagsasanay kasama ang rescue dogs,pagliligtas ng helicopter, Sabayang pagpuksa ng apoy ng lahat ng fire engines
- Tahapamahala: Fujimishi at 1 syudad at 2bayan, Iruma-East region fire-fighting association, Higashi Iruma police station at volunteer fire brigades ng 2 svudad at 2 bavan.